# ODA KAY BAI BIBIYAON BIGKAY*

## MARICRISTH MAGALING

Alam na alam mo
sa pagtingin sa kalangitan
kung kailan ihahanda
ang lupa para sa muling pagtatanim.
Itinuro ito ng iyong mga ninuno:

ang pagsangguni
sa panahon ng pagmamarka
at paglilinis ng dawag.
Umaayon iyon sa siklo
ng langit, ng araw, ng buwan,
ng mga bituin.

Kung hindi sasabayan ang hudyat,
sisibol muli
ang mga pinutol na puno
yayabong ang mga talahib.
Kapag nahuli sa paghahanda
at dumating ang tag-ulan, hindi
magliliyab ang sukal.

Itinuro ito ng siklo
ng langit, ng araw, ng buwan
ng mga bituin.

Kaya't nang kinailangang
magbakwit mula sa lupang
pinapula ng dugo
ng mga katribo
Naroon ka, muli mong sinasangguni

* Babaing pinuno ng Ata Manobo

ang kalangitan.
Hindi ba't sa langit inilagay ng mga ninuno
ang belatik -
ang patibong na inuumang

sa hayop?
Naroon sa talampad
ng mga bituing iyon
ang hudyat
ng paniningil.